

Chapter One



May malaking sekreto si Argolo VII. Babae siya. Totoong babae. Ang kaso, walang nakakaalam. Sa birth certificate kasi niya ay lalaki ang nakalagay na kasarian niya, at pinalaki rin ng mga magulang na lalaki. Wala namang nakakahalata na mujer siya.

Nagtatanghal sila sa circus. Mga gypsies sila. Hindi sila tumatagal sa isang lugar. Home-schooled siya; wala ring guro, kaibigan o kaklase na nakahalata na may mali sa kasariang ibinigay sa kanya.

Sa tatlumpung miyembro ng circus nila, mukhang mga magulang lang niya ang nakakaalam na babae siya. Nagtatanong naman ang ibang kasamahan dahil hindi siya tinutubuan ng bigote, hindi masyadong ma-muscle, at minsan ay may galaw na malamya; pero sa kanilang mundo kasi, dapat marunong kang mag-expect ng kakaiba.

Si Ontalia—babae nga—pero buong katawan ay may balahibo, mula ulo hanggang sakong.

At isa pa, kung anuman ang mga iniisip ng mga kasamahan sa kasarian niya, sinasarili na rin lamang ng mga ito dahil sa takot kay Argolo VI at Druella, mga magulang niya.

“Hoy, bilis!” sigaw ni Druella sa kanya. Inutusan siya nitong maghanap ng dahon ng santol para may pandikit sa fake eyelashes.

Maganda ang ina niya. Sa edad na forty-two ay

mukha lamang itong thirty years old. Dito niya namana ang matangos na ilong at mahahabang biyas.

Nabubuwisit na sumakay siya ng bisikleta at iniwan ang mga tolda na itinayo nila sa isang libreng lote na ipinahiram sa kanila ng LGU ng Bayan ng Saligumba. Kapiyestahan kasi ng bayan at dirito sila buong linggo.

Palibot-libot sila sa buong Pilipinas. Kung saan may piyesta, naroon sila.

Heto nga, inilagay sila rito sa gitna ng palayan dahil wala raw mapaglalagyan sa gitna ng bayan sa laki ng mga tolda nila. Nakapuwesto na kasi sa bayan ang perya.

Nagpedal siya nang makasalubong si Flora, ang ex-girlfriend niya na isang trapeze artist. Ka-partner niya itong tumatambling sa hangin.

Hiniwalayan niya dahil gusto ng babae na may mangyari sa kanila. Paano naman mangyayari iyon gayong babae nga rin siya? Wala siyang sandata!

Isang nakamamatay na tingin ang ipinukol nito sa kanya. Pitong buwan na silang tapos ngunit hindi pa rin matapos-tapos ang drama nito. Pinagseselosan ba naman si Ontalia. Karimarimarim!

Idinirecho niya lang ang pagpedal hanggang sa makalabas ng kalsada. Lumiko siya sa highway nang biglang nagpagiwang-giwang ang bisikleta niya. May kasalubong palang van. Mabuti na lang at nakahinto agad ang sasakyan.

At may lumabs na sigang lalaki. “Gago ka, ah! Akala mo sa ’yo ang daan?”

Hindi siya sumagot. Nag-iwan lang siya ng matalim na tingin dito.

“Ayusin mo ang tingin mo!” Lumapit sa kanya ang

lalaki at hinatak siya pababa ng bisikleta niya. Natumba tuloy ang sinasakyan niya.

Itinulak niya ang lalaki. Tumba ito.

Tumayo ito at sumigaw. “Lalaban ka, ha?” sabi nito sabay palipad ng isang suntok.

Nakailag siya. Ngunit nang manipa ay tinamaan siya sa tagiliran.

Ang sakit! Binigla niya ng isang suntok ang lalaki. Natumba uli ito, at mukhang papatay na ng tao nang muling makabangon.

Nagbabaan naman ang ibang sakay ng van. Dalawang babae at isang matangkad na lalaki. Mukhang mga Manilenyo dahil sa magagandang bihis.

“Enough, Bart!” sigaw ng isang mestisuhing lalaki. Mas matangkad ito at mas malaki ang mga muscles kaya mabilis nitong nakontrol ang nag-aamok na lalaki.

Dinampot naman niya ang bike at nag-iwan ng nang-uuyam ng tingin bago nagpedal palayo para maghanap ng santol. Makasuntukan na niya ang sinumang tao huwag lang ang ina niya dahil mabibingi siya buong araw sa bunganga nito, may kasama pang latay ng latigo.



Hindi makapaniwala si Jane sa nakita niya. Pauwi siya ngayon sa bayan nila bitbit ang mga kaibigang nakasama niyang kumuha ng *MBA* sa Shanghai, China nang hayun nga, may nakasuntukan sa daan ang boyfriend niyang si Bart. Matagal na rin niyang hinanap ang lalaking iyon: si Argolo, isang trapeze performer sa circus.

Crush ng buong klase nila noong high school ang lalaki. Minsan kasi, noong third year high school sila ay

may dumating na circus sa bayan nila. At doon nila nakita ang kasing-edad na guwapong trapeze acrobat. Araw-araw talaga silang nagbababad buong barkada sa circus para lang panoorin si Argolo.

Nilandi nga nila nang nilandi kaso nagagalit ang partner nitong trapeze artist, iyong si Anak Araw. Heartbroken talaga silang lahat noon nang umalis ang circus. Taon-taon hinintay nilang bumalik, ngunit wala nang circus na dumating.

Ngayon pala ay nandito na naman sila.

Napalingon si Jane at tumambad sa kanya ang entrance ng resort ng kanyang ina at ng bagong asawa nitong Dutch. Ipinagmalaki niya ang resort sa mga kaklase kaya kinulit siya ng mga ito na puntahan nila pagkatapos ng graduation.

Maliban sa kasintahan ay kasama niya rin ang magkasintahang sina Brendan at Margot. Si Brendan, ang pinakamatalino sa klase nila, sobrang guwapo at super rich ang mga magulang. Deserving naman ang girlfriend na si Margot dahil maganda rin at smart.

Ang totoo nga niyan si Brendan ang una niyang napansin, hindi si Bart, pero si Bart ang nakatuluyan niya.

Isang maiinit na yakap ang sinalubong sa kanila ng ina niya. Inihatid sila nito sa kanilang mga kuwarto at pinagpahinga muna dahil malayo rin ang kanilang biyahe. Mga alas siete ay ipinatawag sila nito para maghapunan. Sabay-sabay silang bumaba sa kabanang nakaharap sa dagat. Doon nakahanda ang mga alimango at sinugbang isda at napakalamig na *Diet Coke*. Habang kumakain sila ay hindi pa rin matapus-tapos ang pagkabuwisit ni Bart sa nakasagupaan kanina.

“Talaga?” tanong ng ina niya. “Ipa-blotter n’yo.”

“Kilala mo ba ’yon?” tanong ni Bart sa kanya.

Umiling siya. “Hindi ko namukhaan.”

“Itanong na lang natin sa police at baka mamukhaan nila,” sabi ni Bart.

Pasimple na lang siyang napatawa. Kung alam lang nila ang totoo na kilalang-kilala niya si Argolo. Nag-excuse siya sa mga kasama para makapunta sa sulok at matawagan ang kaibigan niyang si Alona. Ito kasi ang patay na patay dati kay Argolo.

Isang tawa ang sagot ni Alona sa tanong niya kung alam na nito na nasa bayan na nila ang circus.

“Of course, ako pa mahuli? Sa lupa kaya namin ngayon inilagay ang mga tolda ng circus kaya free pass ako palagi. Ilang beses ko nang nakausap si Argolo. Shit! Guwapo talaga, Neng!”

“Paano ’yan, professional accountant ka, ’tapos si Argolo, taga-circus lang?”

“The circus belongs to Argolo’s family. Ibig sabihin he’s a businessman. Ibig sabihin ay may pinagkakakitaan!” maarteng sagot ni Alona.

“Paano ’yan? Sasama-sama ka rin ba na lumibot-libot around the Philippines?”

Tumawa uli si Alona. “Why not coconut? Kung gan’un naman kaguwapo araw-araw ang kayakap ko?”

Pinaikot niya ang mga mata sa mga narinig kay Alona. Kahit noon ay loka-loka talaga ang kaibigan niyang ito. Inimbita nga niya bukas na makipag-jamming sa kanila.

Pagkatapos nilang kumain ay nagkayayaan sila na mag-videoke. May alam siyang videoke sa Barangay Libis.

Sakay ng van ay siya na ang nag-drive papunta roon. Nadaanang nila ang palayan, nasa gitna ang mga tolda na tila kumikislap sa iba't ibang kulay ng ilaw. Mahaba ang pila papasok sa entrance ng pinakamalaking tolda.

Noong bata si Jane, excited din siyang makipila papasok sa tolda, sabik na sabik kung ano ang makikita sa loob. Naalala niya kung paano siya tumili kapag si Argolo na ang lumipad sa hangin.



Nagising si Argolo dahil sa ingay sa labas. Ang ama niyang si Argolo VI ay nag-aamok na naman. Pag ganoon ang mood nito, siguradong lahat ay nangangatog na naman ang mga tuhod.

Hindi na lang siya magpapakita dahil baka siya ang mapagdiskitahan. Takot siya sa ama dahil nananakit ito, lalo na kapag palamya-lamya ang galaw niya. Malalaman na lang niyang may humambalos na pala sa likod o balik niya.

Gumapang siya palabas ng tent dahil kapag sa pintuan siya lumabas, siguradong makakasalubong niya ang ama. Paglabas ay nakita niyang patakbo palayo ang Gagambina, ang Siamese twins na dikit ang tiyan at isang pares lang ang paa. Parang mga gagamba ang mga ito na tumakbo dahil pati mga kamay ay ginagamit na paa. Natatakot sigurado kay Argolo VI.

Tumakbo rin siya sa kahon ng palayan papunta roon sa batis para maligo. Ang sarap ng tubig na maligamgam, nakakapresko. Sumisisid-sisid siya, at nang iniangat niya ang ulo mula sa tubig para kumuha ng hangin ay nahagip ng tingin niya ang isang babae sa pampang.

“Argolo! May gagawin ka ba ngayon? Sama ka sa

akin, punta tayong beach!” Si Alona suot ang super iksing shorts at tank top.

Grabe talaga ang self confidence ng isang ito, ang daming piso sa legs pero kung magsuot ng maiiksi ay wagas. Itinaas-taas pa nga ang mga braso para itali ang buhok. Maitim ang mga kili-kili.

“Wala naman. Mamayang gabi pa naman ang show namin,” ang sagot niya.

“Sama ka na sa akin.”

“Okay. Hintayin mo ako. Magbibihis lang ako.”

Binaybay niya uli ang mga pilapil papunta sa mga tolda.

Sanay na siya sa mga imbitasyon ng mga girls.

Siya na minsan ang umiiwas. Ewan ba niya kung bakit maraming nakaka-type sa kanya na mga babae.

Siguro kasi matangkad siya at matangos ang ilong. Sabi nga ng isa niyang tagahanga, kamukha niya raw si Aaron Carter ng *Streetboys* noong bata pa ito. Hindi naman siya maputi, may pagkamorena siya sa totoo lang, iyong pulang morena pagkatapos ang buhok ay naninilaw. Siguro natitipuhan siya ng mga ito dahil sa hairdo niya at hulma ng mukha.

Gumapang uli siya papasok sa tolda at nagbihis ng T-shirt at mahabang maong shorts, at tumakbo pabalik sa tabi ng batis kung saan naghihintay si Alona. Sumakay sila sa motorbike at nag-drive palayo.

Dumerecho sila sa isang resort at sa dinami-rami ng puwede niyang makita muli ay ang mga nakasalubong niya pa kahapon. Nandoon ang grupo, nakaupo sa kabana at nag-iinum ng beer. Paano kaya niya maiiwasan ang mga ito gayong nakita na siya at si Alona?

Sa gilid ng kabana kasi ipinarada ng babae ang

motorbike.

“Hi! I brought my friend Argolo!” sabi ni Alona.

“Tingnan mo nga naman kung sino ang makikita ko ngayon!” sabi ng lalaking nakasuntukan niya kahapon. Tatayo sana ito ngunit pinigilan ng malamang ay girlfriend at ng kaibigang lalaki.

Mukhang hindi naman nahalata ni Alona ang masamang tensyon na namagitan sa kanila ng lalaki. Umupo ito sa tabi ng ‘girlfriend’ ng nakasuntukan niya. Ito iyong babaeng naalala niya dati na nagpapadala sa kanya ng love letter. Nakalimutan na nga lang niya ang pangalan.

“Naalala mo si Jane, Argolo?” tanong ni Alona.

Tango ang sagot niya.

Ipinakilala sila ni Jane sa mga kaibigan nito. Si Bart pala ang nakasuntukan niya, ang guwapong mestiso ay si Brendan at katabi nito ang girlfriend na si Margot. Hindi na siya nakiupo. Isinandal na lang niya ang katawan sa poste ng kabana at tahimik na nakinig sa mga pinag-uusapan ng mga ito.

Si Bart, hindi matigil-tigil sa kapupukol sa kanya ng masamang tingin. Binigyan niya rin ng masamang tingin para patas.

Ang yabang! Minsan, napapadako ang tingin niya sa guwapong Tisoy, iyong si Brendan, pero binabawi niya agad.

Ang guwapo kasi. Nababakla siya. Parang Brazilian Japanese ang dating. Ewan niya, baka may lahi.

“Gusto mo ng beer?” tanong ni Brendan.

Umiling siya, pero ipinagbukas pa rin siya ni Brendan ng bote. Ipinaabot nito iyon pagkatapos kay Alona.

“Salamat,” sabi niya.

Mahaba-haba rin ang usapan ng mga ito hanggang sa nagkayayaan na mag-volleyball. Ang dalawang lalaki at si Margot ang magkakampi. Sila naman nina Alona at Jane. Magaling maglaro si Bart, ngunit walang tatalo sa kanya pagdating sa bola. Hindi niya binigyan ng tsansa ang kabila na magkapuntos. Ang masaklap, sa tuwing makaka-score siya ay napapayakap sa kanya sina Alona at Jane. Si Bart, hindi na kayang itago ang selos.

“Nandadaya ka, eh! Labas na ’yong bola kanina pero ipinilit mo pa rin!” Lumipat na ito sa side nila at nanduro.

Itinaas niya ang mga kamay. Ayaw na niyang makipagbugbugan dahil ayaw niyang mangitim ang mukha niya sa pasa.

“Oh, come on, man!” saway ni Brendan kay Bart.

Itinigil na ang laro at nag-swimming na. Bumalik na lang siya sa kabana at doon tumambay. Tinatamad siyang mag-swimming. Naghubad kasi ng T-shirt ang dalawang lalaki at labas ang muscles.

Baka magtanong pa ang lahat kung bakit hindi siya naghubad. At isa pa, kapag basa ay bumabakat iyong ari ng lalaki. Ano naman ang babakat sa kanya?

Napadapo ang tingin niya sa shorts ni Brendan.

Diyos Mio! Parang sa anaconda, ah!

Buti na lang at hindi nakatingin sa kanya ang lalaki. Baka makita ang pamumula ng mukha niya. Pinagtritripan niyang ubusin ang mani nang lumapit si Bart.

“Hoy, hindi ulam ’yan. Pulutan ’yan!” sabi nito.

Itinigil na lang niya ang pagpulot. Binigyan niya ng nang-iinsultong ngiti ang lalaki pagkatapos. Ilang

segundo pa ay nagliparan na ang lahat dahil nagsuntukan at naggulungan na sila ni Bart.

Nagtakbuhan ang iba sa dako nila para paghiwalayin sila. Pati ang dalawang foreigner na guests ay tumulong sa pag-awat sa kanila ni Bart.

Ang totoo, kawawa siya. Ano ba naman ang lakas niya kumpara sa lalaki? At isa pa, nag-iingat siya na hindi masuntok ang mukha. May show siya kaya dapat kahit papaano ay presentable ang mukha niya. Baka umbagin siya uli ng tatay niya pag magkataon. Suntok siya nang suntok habang nakayuko. Likod niya ang napuruhan.

“Huwag ka nang magpapakita ng anino mo dito, gago!” sigaw ni Bart.

Naglakad siya palayo. Sumunod naman sa kanya si Alona. Uuwi na rin daw ito.

